ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# SULATIBITI BILANG SUPLEMENTARYONG KAGAMITANG PANTURO NG AKDANG PAMPANITIKAN, KULTURANG BISAYA AT REPLEKTIBONG PAGSULAT

**Reymart Barrina Garin**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikan, Kulturang Bisaya at Replektinong Pagsulat. Ang layunin ng pag-aaral ay matukoy ang antas ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya, Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya at pagganap ng mga mag-aaral sa Replektibong Pagsulat. Layunin ding matukoy kung may makabuluhang epekto ba ang antas ng pagpapaunlad ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikan at Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya sa antas/ lebel ng pagganap ng mga mag-aaral sa Replektibong Pagsulat.*

*Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwantitatibong pamamaraan ng pananaliksik at disenyong deskriptibo upang matukoy ang isang bagay na kasalukuyang pinag-aaralan. Gumamit ng talatanungan upang makapangalap ng mga datos na kakailanganin. Ginamit ang purposive sampling na kung saan pinili ng dalawandaang (200) tagatugong mula sa mga mag-aaral ng Baitang 7 ng Gov. Felicisimo T. San Luis Integrated Senior High School.*

*Batay sa resulta ng pag-aaral, ang SULATIBITI bilang suplementaryong kagamitang panturo ng akdang pampanitikang Bisaya ay lubos na mataas ang antas ng pagtanggap ng mga tagatugon sa iba't ibang aspeto tulad ng layunin, disenyong pampagtuturo, organisasyon ng materyal, kalidad panturo batay sa kaangkupan at kabisaan at aktibiti/ pagtataya. Ang pagpapahalaga at pagsasabuhay ng kulturang Bisaya ay nakakuha rin ng mataas na antas ng pagtanggap mula sa mga tagatugon, mula sa kaugalian hanggang sa pamumuhay. Karamihan din sa mga mag-aaral ay nakakuha ng mataas na antas sa Replektibong Pagsulat. Lumabas na walang makabuluhang epekto ang SULATIBITI at Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya sa Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Replektibong Pagsulat.*

*Lumabas na walang makabuluhang epekto ang SULATIBITI sa lebel ng pagganap ng mga mag-aaral sa replektibong pagsulat. Gayundin, walang makabuluhang epekto ang pagpapaunlad ng kulturang Bisaya sa lebel ng pagganap sa replektibong pagsulat. Sa kabila ng mga natutunan ng mga mag-aaral, nahirapan silang gamitin ito sa replektibong pagsulat, kaya batay sa mga resulta ay tinanggap ang hinuha.*

*Nabuo ang rekomendayon para sa mga magsasagawa ng ganitong klase ng pananaliksik na marapat na pag-ukulan ng pansin ang pagsasaalang-alang ng pagkakaroon ng maraming aktibiti na mas makatutulong upang mas mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral bilang paghahanda sa pangwakas na pagtataya, partikular na sa replektibong pagsulat.*

**SUSING SALITA: :** *SULATIBITI; Suplementaryong Kagamitang Panturo; Akdang Pampanitikan*

## 1. PANIMULA

Sa paglipas ng panahon ay patuloy ang pagdami ng mga aktibidad na nilalahokan ng mga mag-aaral sa loob ng isang panuruang taon. Bukod sa mga gawaing pang-akademiko ay kabilang rin sa mga dahilan ang mga paligsahang pampalakasan mula sa Palarong Pampurok hanggang Palarong Pambansa. Hindi maiiwasang may mga pagkakataong hindi nakadadalo sa klase ang mga mag-aaral sa tuwing may mga pagsasanay at laban. Dahil dito ay nagsulputan ang napakaraming suplementaryong kagamitang panturo na naglalayong matulungan ang mga mag-aaral na hindi mahuli sa mga araling tinalakay at maging ganap ang pagkatuto kahit may mga pagkakataong hindi nakadadalo sa klase.

Sa paggamit ng suplementaryong kagamitan ay kalimitang ang proseso ng pagbabasa at pagsasagot ang makikitang isinasagawa. Hindi natin maikakailang karamihan sa mga nabubuong suplementaryong kagamitang panturo ay nawawala ang proseso ng pagkatuto na pagpapakopya sa mga impormasyong patungkol sa aralin. Ang pagpapasulat ng aralin ay pinaniniwalaang malaki ang naitutulong sa mga mag-aaral. Ito ay sa kadahilanang maraming makrong kasanayan ang gumagana gaya ng pagbasa, pagsulat, pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa bawat pahayag na isinusulat.

Alinsunod kay Ozcakmak (2019), ang pagkuha ng tala patungkol sa aralin ay isang pamamaraan na lubos na epektibo sa pag-unawa. Nakatutulong ang pagkuha ng mga tala sa tinatalakay upang maabot ng mga mag-aaral ang layunin ng kurso nang mas komportable at napadadali ang pag-unawa sa itinuturo.

Tinuran naman ni Gonzalez (2018) na ang pagkuha ng tala ay nakatutulong upang mapabuti ang pag-aaral ng mag-aaral. Sa madaling salita, kung gusto nating mas matandaan ng ating mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa ating mga klase, mas mainam na magtala sila kaysa huwag silang magtala. Dagdag pa niya, ang pagkuha ng tala ay nangangailangan ng pagsisikap.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa halip na pasibo na kumuha ng impormasyon, ang pagkilos ng pag-encode ng impormasyon sa mga salita o mga larawan ay bumubuo ng mga bagong landas sa utak na nag-iimbak nang mas matatag at pangmatagalang memorya. Higit pa rito, ang pagkakaroon ng impormasyong nakaimbak ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataon na bisitahin itong muli sa ibang pagkakataon at palakasin ang pagkatutong nangyari sa unang pagkakataon.

Ang pag-aaral na ito ay magiging instrumento upang malaman ang pagiging epektibo ng suplementaryong kagamitang binuo ng mananaliksik na layuning pasulatin muna ang mga mag-aaral patungkol sa mga akdang pampanitikang Bisaya na magiging lunsaran ng pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya.

Ang pag-aaral na ito na isinagawa ng mananaliksik ay naglalayong alamin ang pagtanggap sa paggamit ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikan, Kulturang Bisaya at Replektibong Pagsulat.

*1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Upang makamtam ang nabanggit na layunin, pagsisikapan ng mananaliksik na sagutin ang sumusunod na mga tiyak na katanungan:

1. Ano ang antas ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa:
   - 1.1. Layunin;
   - 1.2. Disenyong Pampagtuturo;
   - 1.3. Organisasyon ng Materyal;
   - 1.4. Kalidad Panturo;
     - 1.4.1. Kaangkupan;
     - 1.4.2. Kabisaan; at
   - 1.5. Aktibiti/ Pagtataya?
2. Ano ang antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa:
   - 2.1. Kaugalian;
   - 2.2. Paniniwala;
   - 2.3. Pamahiin; at
   - 2.4. Pamumuhay?
3. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Replektibong Pagsulat?
4. May makabuluhang epekto ba ang antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Replektibong Pagsulat?
5. May makabuluhang epekto ba ang antas ng Pagpapaunlad Kulturang Bisaya sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Replektibong Pagsulat?
6. Ano ang planong gawain ang imumungkahi batay sa resulta ng pagsusuri?

## 2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang disenyo ng pananaliksik na ginamit ay deskriptibo upang matukoy ang isang bagay na kasalukuyang pinag-aaralan. Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwantitatibong pamamaraan ng pananaliksik. Napili ng mananaliksik na gumamit ng talatanungan upang makapangalap ng mga datos na kakailanganin. Ang disenyong ito ang pinakamabilis na paraan upang makapangalap ng mga impormasyon.

Tinalakay ni Adeyodin (2020) sa kanyang aklat na Quantitative Research Method na ang unang bentahe ng kwantitatibong pananaliksik ay ang paggamit ng istatistikal na data bilang isang tool para sa pagtipid ng oras at mga mapagkukunan. Ang dulog na ito ng pananaliksik ay nagbibigay diin sa mga numero at mga figura sa pangongolekta at pagsusuri ng datos. Ito ay makikita bilang pagiging siyentipiko sa kalikasan. Ang paggamit ng istatistikal na data para sa mga paglalarawan at pagsusuri ng pananaliksik ay nagpapababa ng oras at pagsisikap na ilalaan sana ng mananaliksik sa paglalarawan ng kanyang resulta.

## 3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay kinapapalooban ng presentasyon, analisis, at interpretasyon ng mga datos na nakalap kaugnay ng pananaliksik na SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikan, Kulturang Bisaya at Replektibong Pagsulat.

**Antas ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya**

Ang antas ng SULATIBITI ay kinapapalooban ng Layunin, Disenyong Pampagtuturo, Organisasyon ng Materyal, Kalidad Panturo alinsunod sa Kaangkupan at Kabisaan at Aktibiti/ Pagtataya.

Ang mga susunod na Talahayan ay nagpapakita ng mga pahayag, Mean, Standard Deviation, Puna at Literal na Paliwanag.

Ang unang pahayag sa talahanayan ng Layunin na *Naipahayag nang diretso at madaling maunawaan* ang nakakuha ng pangalawa sa pinakamataas na marka na may *(M=4.77, SD=0.48)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan lamang ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang mga Layunin ng SULATIBITI ay naipahayag nang diretso at madaling naunawaan ng mga mag-aaral.

Ang ikalawang pahayag naman na *Naaayon sa target na kasanayang pampagkatuto ng DepEd na inilaan para sa asignatura at antas ng grado* ang nakakuha ng pinakamataas na marka na may *(M=4.84, SD=0.40)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang mga layunin ng SULATIBITI ay ibinatay sa mga kasanayang pampagkatutong inilaan ng DepEd para asignaturang Filipino ng Baitang 7.

Sa talahanayan 1 ay tatalakayin ang Antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Layunin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1**

*Antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Layunin*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naipahayag nang diretso at madaling maunawaan.* | 4.77 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaayon sa target na kasanayang pampagkatuto ng DepEd na inilaan para sa asignatura at antas ng grado.* | 4.84 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakita ang pagkakasunod-sunod batay sa lebel o bigat ng kasanayang nais hubugin.* | 4.70 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipamalas ang pagiging tiyak at kayang masukat at makamit.* | 4.72 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natatamo sa nakalaang oras para sa aralin.* | 4.75 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.75***
***Standard Deviation: 0.29***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang ikatlong pahayag na *naipakita ang pagkakasunod-sunod batay sa lebel o bigat ng kasanayang nais hubugin* ang nakakuha ng pinakamababang marka na may *(M = 4.70, SD = 0.54)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na kahit lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na naipakita ang pagkakasunod-sunod ng mga Layunin batay sa lebel o bigat ng kasanayang nais hubugin ay maaari pa rin itong pag-ukulan ng pansin upang lalong paunlarin.

Ang ikaapat na pahayag na *Naipamalas ang pagiging tiyak at kayang masukat at makamit* ang nakakuha ng pang-apat na pinakamataas na marka na may *(M=4.72, SD=0.51)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na ang mga Layunin ng SULATIBITI ay naipamalas ang pagiging tiyak sa kung ano ang kasanayang pampagkatuto na nais mahubog sa mga mag-aaral at kayang masukat at makamit.

Ang ikalimang pahayag na *Natatamo sa nakalaang oras para sa aralin* ang nakakuha ng ikatlong pinakamataas na marka na may *(M=4.75, SD=0.50)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang mga Layunin ng SULATIBITI ay kayang matamo sa nakalaang oras para sa aralin.

Batay sa mga nakalap na datos, lumabas na lubhang mataas ang antas ng pagpapaunlad ang SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Layunin na may *(M=4.75, SD=0.29).*

Batay sa mga naging resulta ng pag-aaral, naging positibo ang resulta sapagkat lubhang mataas ang antas ng pagpapaunlad ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Layunin. May ilang bahagi ng pahayag na maaaring mapagtuunan ng pansin para sa pagpapaunlad tulad ng pahayag na *naipakita ang pagkakasunod-sunod batay sa lebel o bigat ng kasanayang nais hubugin* upang mas maging malinaw sa mag-aaral ang mga kasanayang dapat matamo mula sa pinakamadali hanggang sa pinakamahirap. Ito ay makatutulong upang maging motibasyon ng mag-aaral na magiging daan sa pagkakaroon ng mas mataas na lebel ng pagkatuto.

Sa Disenyong Pampagtuturo, ang unang pahayag na *Naipamalas ang pagiging maganda at kaakit-akit sa paningin* ang nakakuha ng pinakamababang marka na may (M= 4.63, SD=0.70) na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na kahit lubos na sumasang-ayon ang karamihan sa mga tagatugon na ang Disenyong Pagpagtuturo ng SULATIBITI ay naipamalas ang pagiging maganda at kaakit-akit sa paningin ay maaari pa rin itong mas pag-ukulang pansin upang mas mapaunlad.

Ang ikalawang pahayag na *Naeengganyo ang mga mag-aaral sa pag-aaral at pagsasagot ng mga gawain* ang nakakuha ng pangatlong pinakamataas na marka na may *(M=4.73, SD=0.51)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang Disenyong Pampagtuturo ng SULATIBITI ay nakatulong upang maengganyo ang mga mag-aaral sa pag-aaral at pagsagot ng mga gawain.

Sa talahanayan 2 ay tatalakayin ang Antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Disenyong Pampagtuturo.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2**
*Antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Disenyong Pampagtuturo*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naipamalas ang pagiging maganda at kaakit-akit sa paningin.* | 4.63 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naeengganyo ang mga mag-aaral sa pag-aaral at pagsasagot ng mga gawain.* | 4.73 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang kaugnayan ng mga larawan sa nilalaman ng aralin.* | 4.78 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagkakatulad ang layout ng bawat pahina upang magkaroon ng parehong karanasan sa pag-aaral.* | 4.70 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Ginamit ang mga akmang kulay, istilo at laki ng sulat upang mabilis na mabasa.* | 4.80 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.73***
***Standard Deviation: 0.34***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang ikatlong pahayag na *Naipakikita ang kaugnayan ng mga larawan sa nilalaman ng aralin* ang nakakuha ng pangalawa sa pinakamataas na marka na may *(M=4.78, SD=0.46)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang mga larawang ginamit sa SULATIBITI ay may kaugnayan sa nilalaman ng aralin.

Ang ikaapat na pahayag na *Nagkakatulad ang layout ng bawat pahina upang magkaroon ng parehong karanasan sa pag-aaral* ay nakakuha ng pang-apat na pinakamataas na marka na may *(M=4.70, SD=0.51)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na magkakatulad ang layout ng bawat pahina ng SULATIBITI upang magkaroon ng parehong karanasan sa pag-aaral.

Ang ikalimang pahayag na *Ginamit ang mga akmang kulay, istilo at laki ng sulat upang mabilis na mabasa* ay nakakuha ng pinakamataas na marka na may *(M=4.80, SD=0.43)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na akma ang mga kulay na ginamit sa SULATIBITI at ang istilo at laki ng sulat ay nakatulong upang mabilis na mabasa ang mga nakapaloob dito.

Batay sa mga nakalap na datos, lumabas na lubhang mataas ang antas ng pagpapaunlad ang SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Disenyong Pampagtuturo na may *(M=4.73, SD=0.34)*.

Malinaw na nakikita na lubhang mataas ang antas ng pagpapaunlad ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo batay sa Disenyong Pampagtuturo. Sa kabila nito, may ilang bahagi ng pahayag na maaaring mapagtuunang pansin para sa pagpapaunlad tulad ng pahayag na *naipamalas ang pagiging maganda at kaakit-akit sa paningin* upang mas makuha ang kawilihan o interes ng mga mag-aaral. Maaring bilang karagdagan sa mga disenyo ay magdagdag pa ng mga larawang makatutulong upang ang suplementaryong kagamitan ay maging maganda at kaakit-akit sa paningin ng mga mag-aaral na magiging daan upang sila ay mahikayat na matuto.

Sa Organisasyon ng Materyal, ang unang pahayag na *Nagtataglay ng malinaw na mga heading at label upang matulungan ang mga mag-aaral sa pag-alala ng mga pangunahing detalye* ang nakakuha ng pangalawa sa pinakamataas na marka na may *(M=4.79, SD=0.49)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang SULATIBITI ay lubos na sinasang-ayunan ng mga tagatugon na nagtataglay ng malinaw na mga heading at label na lubos na nakatutulong sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang ikalawang pahayag na *Tumutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang pangkalahatang istraktura at daloy ng impormasyon* ang nakakuha ng pangatlong pinakamataas na marka na may *(M=4.79, SD=0.44)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang pagkakaroon ng malinaw na kaayusan at lohikal na daloy ng impormasyon ng SULATIBITI ay nakatulong sa mga mag-aaral na mas madaling maunawaan at matandaan ang mga aralin.

Ang ikatlong pahayag na *Pinahihintulutan ang mga mag-aaral na pag-aralan at paghambingin ang iba't ibang elemento o bahagi ng kagamitan nang epektibo* ang nakakuha ng pinakamababang marka na may *(M=4.69, SD=0.63)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na kahit ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na pinahintulutan ng SULATIBITI ang mga mag-aaral na pag-aralan at paghambingin ang iba't ibang elemento o bahagi ng kagamitan nang epektibo ay maaari pa rin itong mas pag-ukulang pansin upang mas paunlarin.

Sa talahanayan 3 ay tatalakayin ang Antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Organisasyon ng Materyal.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3**

*Antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Organisasyon ng Materyal*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nagtataglay ng malinaw na mga heading at label upang matulungan ang mga mag-aaral sa pag-alala ng mga pangunahing detalye.* | 4.79 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Tumutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang pangkalahatang istraktura at daloy ng impormasyon.* | 4.79 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Pinahihintulutan ang mga mag-aaral na pag-aralan at paghambingin ang iba't ibang elemento o bahagi ng kagamitan nang epektibo.* | 4.69 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutulungan ang mga mag-aaral na tasahin ang kalidad ng nilalaman sa loob ng mga partikular na bahagi batay sa istruktura ng organisasyon.* | 4.78 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na bumubuo ng mga bagong kabatiran o nag-aayos ng impormasyon sa isang malikhaing paraan batay sa ibinigay na istraktura.* | 4.83 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.78***
***Standard Deviation: 0.32***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang ikaapat na pahayag na *Natutulungan ang mga mag-aaral na tasahin ang kalidad ng nilalaman sa loob ng mga partikular na bahagi batay sa istruktura ng organisasyon* ay nakakuha ng pang-apat na pinakamataas na marka na may *(M=4.78, SD=0.49)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang SULATIBITI ay nakatulong sa mga mag-aaral na tasahin ang kalidad ng nilalaman sa loob ng mga partikular na bahagi sa tulong ng istruktura at organisasyon.

Ang ikalimang pahayag na *Nabibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na bumubuo ng mga bagong kabatiran o nag-aayos ng impormasyon sa isang malikhaing paraan batay sa ibinigay na istraktura* ay nakakuha ng pinakamataas na marka na may *(M=4.83, SD=0.43)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang SULATIBITI ay nakatulong sa kanila na makabuo ng mga bagong kabatiran sa isang malikhaing paraan sa tulong ng istruktura.

Batay sa mga nakalap na datos, lumabas na lubhang mataas ang antas ng pagpapaunlad ang SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Organisasyon ng Materyal na may *(M=4.78, SD=0.32).*

Batay sa mga naging resulta ng pag-aaral, sa kabuoan ay lubhang mataas ang antas ng pagpapaunlad ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Organisasyon ng Materyal. May ilang bahagi ng pahayag na maaaring mapagtuunan ng pansin para sa pagpapaunlad tulad ng pahayag na *pinahihintulutan ang mga mag-aaral na pag-aralan at paghambingin ang iba't ibang elemento o bahagi ng kagamitan nang epektibo* upang mismong mga mag-aaral ang makatukoy o makasuri sa bawat bahagi kung ito ba ay may maayos na pagkakasunod-sunod gaya ng kabigatan ng nilalaman at kung may ugnayan ito sa isa't isa. Ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na mapaghandaan ang kung gaano ang bigat ng pag-iisip na kailangan nilang magamit sa bawat bahagi na magiging daan upang mas maipakita nila ang kanilang kagalingan.

Sa Kalidad Panturo Alinsunod sa Kaangkupan, ang unang pahayag na *Nagpakita ng mga impormasyong makatotohanan patungkol sa aralin* ang nakakuha ng pinakamataas na marka na may *(M=4.81, SD=0.44)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang SULATIBITI ay lubos na sinasang-ayunan ng mga tagatugon na kinakitaan ng mga impormasyon na lubhang makatotohanan patungkol sa aralin.

Ang ikalawang pahayag na *Isinaalang-alang ang bigat ng mga aralin sa dating kaalaman at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral* ang nakakuha ng pang-apat na pinakamataas na marka na may *(M=4.70, SD=0.53)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang bigat ng mga aralin ng SULATIBITI ay ibinatay sa dating kaalaman ng mga mag-aaral at maging sa kanilang antas ng pag-unawa.

Sa talahanayan 4 ay tatalakayin ang Antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Kalidad Panturo alinsunod sa Kaangkupan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 4**
*Antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Kalidad Panturo alinsunod sa Kaangkupan*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nagpakita ng mga impormasyong makatotohanan patungkol sa aralin.* | 4.81 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Isinaalang-alang ang bigat ng mga aralin sa dating kaalaman at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.* | 4.70 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakukuha ang kawilihan at interes ng mga mag-aaral.* | 4.70 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Tumutugon sa ibig na istilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral.* | 4.75 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Iniwasan ang anumang pangsosyal na nilalamang paglabag (hal. driskriminasyon sa lahi, kasarian, relihiyon at iba pa).* | 4.71 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.73***
***Standard Deviation: 0.34***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang ikatlong pahayag na *Nakukuha ang kawilihan at interes ng mga mag-aaral* ang nakakuha ng pinakamababang marka na may *(M=4.70, SD=0.52)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na kahit ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakuha ng SULATIBITI ang kawilihan at interes ng mga mag-aaral ay maaari pa rin itong mas pag-ukulang pansin upang mas paunlarin.

Ang ikaapat na pahayag na *Tumutugon sa ibig na istilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral* ay nakakuha ng pangalawang pinakamataas na marka na may *(M=4.75, SD=0.56)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na natugunan ng SULATIBITI ang ibig na istilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral.

Ang ikalimang pahayag na *Iniwasan ang anumang pangsosyal na nilalamang paglabag (hal. driskriminasyon sa lahi, kasarian, relihiyon at iba pa)* ay nakakuha ng pangatlong pinakamataas na marka na may *(M=4.71, SD=0.54)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang SULATIBITI ay hindi kakikitaan ng anumang pangsosyal na nilalamang paglabag.

Batay sa mga nakalap na datos, lumabas na lubhang mataas ang antas ng pagpapaunlad ang SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Kalidad Panturo alinsunod sa Kaangkupan na may *(M=4.73, SD=0.34).*

Batay sa mga naging resulta ng pag-aaral ay naging malinaw na lubhang mataas ang antas ng pagpapaunlad ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Kalidad Panturo alinsunod sa Kaangkupan. May ilang bahagi ng pahayag na maaaring mapagtuunan ng pansin para sa pagpapaunlad tulad ng pahayag na *nakukuha ang kawilihan at interes ng mga mag-aaral.* Patunay lamang ito na sa pagplano ng aralin ay kailangan ding isaalang-alang ng guro ang kawilihan at interes ng mga mag-aaral at pag-aralang magamit ito sa proseso ng pagkatuto at pagsasagawa ng mga aktibiti o pagtatasa/ pagtataya upang mas maipakita nilang ganap ang kanilang kagalingan.

Ang Kalidad Panturo alinsunod sa Kabisaan, ang unang pahayag na *Nakatutulong sa pagtanda sa mga pangunahing impormasyon* ang nakakuha ng pangatlo sa pinakamataas na marka na may *(M=4.73, SD=0.53)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang mga tagatugon ay lubos na sinasang-ayunan na nakatulong ang SULATIBITI sa pagtanda ng mga pangunahing impormasyon.

Ang ikalawang pahayag na *Nailalarawan ang layunin at kahalagahan ng impormasyong natutunan* ang nakakuha ng pinakamataas na marka na may *(M=4.83, SD=0.47)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang SULATIBITI ay nakatulong sa mga mag-aaral na mailarawan ang layunin at kahalagahan ng mga impormasyong natutuhan sa aralin.

Sa talahanayan 5 ay tatalakayin ang Antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Kalidad Panturo alinsunod sa Kabisaan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 5**
*Antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Kalidad Panturo alinsunod sa Kabisaan*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakatutulong sa pagtanda sa mga pangunahing impormasyon.* | 4.73 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalarawan ang layunin at kahalagahan ng impormasyong natutunan.* | 4.83 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang aplikasyon ng kaalamang natutunan sa mga praktikal na sitwasyon.* | 4.69 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang pagiging maaasahan at kredibilidad ng nilalaman.* | 4.71 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigay ng pagkakataon na lumikha ng isang bagay na orihinal batay sa mga konseptong sakop ng mga aralin.* | 4.77 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.74***
***Standard Deviation: 0.37***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang ikatlong pahayag na *Naipakikita ang aplikasyon ng kaalamang natutunan sa mga praktikal na sitwasyon* ang nakakuha ng pinakamababang marka na may *(M=4.69, SD=0.62)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na kahit ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na naipakita ng SULATIBITI ang aplikasyon ng kaalamang natutunan sa mga praktikal na sitwasyon ay maaari pa rin itong mas pag-ukulang pansin upang mas paunlarin.

Ang ikaapat na pahayag na *Nasusuri ang pagiging maaasahan at kredibilidad ng nilalaman* ay nakakuha ng pang-apat na pinakamataas na marka na may *(M=4.71, SD=0.57)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang SULATIBITI ay naipakita sa mga mag-aaral ang pagkakaroon ng nilalamang maasahan at may kredibilidad.

Ang ikalimang pahayag na *Nabibigay ng pagkakataon na lumikha ng isang bagay na orihinal batay sa mga konseptong sakop ng mga aralin* ay nakakuha ng pangalawa sa pinakamataas na marka na may *(M=4.77, SD=0.44)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na binigyan ng SULATIBITI ang mga mag-aaral ng pagkakataong lumikha ng isang bagay na orihinal batay sa mga konseptong sakop ng mga aralin.

Batay sa mga nakalap na datos, lumabas na lubhang mataas ang antas ng pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Kalidad Panturo alinsunod sa Kabisaan na may *(M=4.74, SD=0.37).*

Batay sa mga naging resulta ng pag-aaral ay lubhang mataas ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Kabisaan. Ang pahayag na *naipakikita ang aplikasyon ng kaalamang natutunan sa mga praktikal na sitwasyon* ay maaari pang mas pag-ukulan ng pansin sapagkat ang kabisaan ng pagtuturo ng isang aralin ay maiugnay ito sa realidad ng buhay at ang mga natutunan ay magamit sa pagharap sa hinaharap.

Sa talahanayan 6 ay tatalakayin ang Antas ng Pagpapaunlad ng SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Aktibiti/ Pagtataya.

**Talahanayan 6**
*Antas ng Pagpapaunlad SULATIBITI Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Aktibiti/ Pagtataya*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakatutulong sa mag-aaral na masagutan nang mag-isa o malaya ang mga gawain.* | 4.83 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalilinang sa mag-aaral ang galing sa pagpapaliwanag ng mga saloobin.* | 4.67 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na magsagawa ng mga gawaing nag-uugnay ng aralin sa realidad ng buhay.* | 4.74 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahihikayat ang mga mag-aaral na masuri ang tagong kaisipang nakapaloob sa mga aralin.* | 4.73 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahahasa ang mga mag-aaral sa pagbuo ng iba't ibang mga gawain sa pagganap.* | 4.79 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.75***
***Standard Deviation: 0.33***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang unang pahayag na *Nakatutulong sa mag-aaral na masagutan nang mag-isa o malaya ang mga gawain* ang nakakuha ng pinakamataas na marka na may *(M=4.83, SD=0.41)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang SULATIBITI ay lubos na sinasang-ayunan ng mga tagatugon na nakatulong sa mga mag-aaral na makapagsagot nang mag-isa o malaya.

Ang ikalawang pahayag na *Nalilinang sa mag-aaral ang galing sa pagpapaliwanag ng mga saloobin* ang nakakuha ng pinakamababang marka na may *(M=4.67, SD=0.56)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI sa paglinang ng galing sa pagpapaliwanag ng saloobin ng mga mag-aaral ngunit maaari pa ring pag-ukulan ng pansin upang mas paunlarin.

Ang ikatlong pahayag na *Nabibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na magsagawa ng mga gawaing nag-uugnay ng aralin sa realidad ng buhay* ang nakakuha ng pangatlo sa pinakamataas na marka na may *(M=4.74, SD=0.52)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na kahit ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI na mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magsagawa ng mga gawaing nag-uugnay ng aralin sa realidad ng buhay.

Ang ikaapat na pahayag na *Nahihikayat ang mga mag-aaral na masuri ang tagong kaisipang nakapaloob sa mga aralin* ay nakakuha ng pang-apat na pinakamataas na marka na may *(M=4.73, SD=0.51)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI sa paghikayat sa mga mag-aaral na masuri ang mga tagong kaisipang nakapaloob sa mga aralin.

Ang ikalimang pahayag na *Nahahasa ang mga mag-aaral sa pagbuo ng iba't ibang mga gawain sa pagganap* ay nakakuha ng pangalawa sa pinakamataas na marka na may *(M=4.79, SD=0.52)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI sa paghasa sa mga mag-aaral sa pagbuo ng iba't ibang mga gawain sa pagganap.

May kabuoang mean na 4.75, standard deviation na 0.33 at ipinapakita na ang antas ng pagpapaunlad ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya batay sa Aktibiti/ Pagtataya ay may literal na paliwanag na lubhang mataas.

Batay sa mga naging resulta ng pag-aaral, ang pahayag na *nakatutulong sa mag-aaral na masagutan nang mag-isa o malaya ang mga gawain* ang nakakuha ng pinakamaraming bilang ng lubos na pagsang-ayon mula sa mga mag-aaral na tagatugon. May ilang bahagi ng pahayag na maaaring mapagtuunan ng pansin para sa pagpapaunlad tulad ng pahayag na *nalilinang sa mag-aaral ang galing sa pagpapaliwanag ng mga saloobin*. Ito ay makatutulong upang mahasa sa kanila ang pagkakaroon o paggamit ng mas mataas na kritikal na pag-iisip patungkol sa isang usaping kasangkot sa aralin.

**Antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya**

Ang antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya ay kinapapalooban ng Kaugalian, Paniniwala, Pamahiin at Pamumuhay.

Ang mga susunod na Talahayan ay nagpapakita ng mga pahayag, Mean, Standard Deviation, Puna at Literal na Paliwanag.

Sa Kaugalian, ang unang pahayag na *Nakilala at natandaan ang mga kaugalian sa Kabisayaan* ang nakakuha ng pangalawa sa pinakamataas na marka na may *(M=4.79, SD=0.46)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan lamang ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na ang SULATIBITI ay nakatulong sa mga mag-aaral na makilala at matandaan ang mga kaugalian sa Kabisayaan.

Ang ikalawang pahayag na *Naunawaan ang mga pinagmulan ng mga kaugalian* ang isa sa nakakuha ng pinakamataas na marka na may *(M=4.83, SD=0.43)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI sa mapaunawa sa mga mag-aaral ang mga pinagmulan ng mga kaugalian.

Ang ikatlong pahayag na *Nasuri ang kahalagahan ng pagpapanatili ng mga kaugalian at nakapagbigay ng pangangatwiran sa kanilang husga* ang nakakuha ng pinakamababang marka na may *(M = 4.70, SD = 0.58)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na kahit lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakatulong ang SULATIBITI sa mga mag-aaral na masuri ang kahalagahan ng pagpapanatili ng mga kaugalian at makapagbigay ng pangangatwiran sa kanilang husga ay maaari pa rin itong pag-ukulan ng pansin upang lalong paunlarin.

Sa talahanayan 7 ay tatalakayin ang Antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Kaugalian.

**Talahanayan 7**
*Antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Kaugalian*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakilala at natandaan ang mga kaugalian sa Kabisayaan.* | 4.79 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naunawaan ang mga pinagmulan ng mga kaugalian.* | 4.83 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasuri ang kahalagahan ng pagpapanatili ng mga kaugalian at nakapagbigay ng pangangatwiran sa kanilang husga.* | 4.70 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiugnay ang mga kaugalian sa realidad ng buhay.* | 4.74 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisabuhay ang mga kaugalian sa Kabisayaan.* | 4.83 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.78***
***Standard Deviation: 0.31***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang ikaapat na pahayag na *Naiugnay ang mga kaugalian sa realidad ng buhay* ang nakakuha ng pangatlong pinakamataas na marka na may *(M=4.74, SD=0.48)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakatulong ang SULATIBITI upang maiugnay ng mga mag-aaral ang mga kaugalian sa realidad ng buhay.

Ang ikalimang pahayag na *Naisabuhay ang mga kaugalian sa Kabisayaan* ay nakakuha rin ng pinakamataas na marka na may *(M=4.83, SD=0.43)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI na maisabuhay ng mga mag-aaral ang mga kaugalian sa Kabisayaan.

May kabuoang mean na 4.78, standard deviation na 0.31 at ipinapakita na ang antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Kaugalian na may literal na paliwanag na lubhang mataas. Makikita sa naging resulta na lubhang mataas ang antas Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Kaugalian. Ang maaaring mapagtuunan ng pansin para sa pagpapaunlad ay ang pahayag na *nasuri ang kahalagahan ng pagpapanatili ng mga kaugalian at nakapagbigay ng pangangatwiran sa kanilang husga* sapagkat kailangan nilang magkaroon ng sapat na kaalaman sa mga kadahilanan kung bakit kailangang pantilihin ang mga kaugalian at makapagbahagi ng mga opinyon at pananaw upang maging ganap ang pagtanggap at pagsasabuhay nito.
Sa talahanayan 8 ay tatalakayin ang Antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Paniniwala.

**Talahanayan 8**
*Antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Paniniwala*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naipaliliwanag ang mga paniniwala sa Kabisayaan.* | 4.69 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri kung karapat-dapat itong paniwalaan.* | 4.67 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalahad ang naitutulong nito sa pagpapakulay ng kultura.* | 4.74 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ito sa pang-araw-araw na pamumuhay.* | 4.72 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng positibong impresyon sa mga paniniwala ng Kabisayaan.* | 4.83 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.73***
***Standard Deviation: 0.38***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang unang pahayag na *Naipaliliwanag ang mga paniniwala sa Kabisayaan* ang nakakuha ng pang-apat sa pinakamataas na marka na may *(M=4.69, SD=0.64)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan lamang ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong sa mga mag-aaral ang SULATIBITI na maipaliwanag ang mga paniniwala sa Kabisayaan.

Ang ikalawang pahayag na *Nasusuri kung karapat-dapat itong paniwalaan* ang nakakuha ng pinakamababang marka na may *(M=4.67, SD=0.53)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI na masuri ng mga mag-aaral kung karapat-dapat paniwalaan ang mga paniniwalang matatagpuan sa Kabisayaan ngunit maaari pa ring pag-ukulan ng pansin upang lalong paunlarin.

Ang ikatlong pahayag na *Nailalahad ang naitutulong nito sa pagpapakulay ng kultura* ang nakakuha ng pangalawa sa pinakamataas na marka na may *(M = 4.74, SD = 0.53)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakatulong sa mga mag-aaral ang SULATIBITI na mailahad ang naitutulong ng mga paniniwala ng Kabisayaan sa pagpapakulay ng kultura.

Ang ikaapat na pahayag na *Naiuugnay ito sa pang-araw-araw na pamumuhay* ang nakakuha ng pangatlong pinakamataas na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

marka na may *(M=4.72, SD=0.59)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakatulong ang SULATIBITI upang maiugnay ng mga mag-aaral ang mga paniniwala ng Kabisayaan sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang ikalimang pahayag na *Nakabubuo ng positibong impresyon sa mga paniniwala ng Kabisayaan* ay nakakuha ng pinakamataas na marka na may *(M=4.83, SD=0.47)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong sa mga mag-aaral ang SULATIBITI na makabuo ng positibong impresyon sa mga paniniwala ng Kabisayaan. Batay sa naging resulta, ang antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Paniniwala ay may kabuoang mean na 4.73, standard deviation na 0.38 at may na paliwanag na lubhang mataas. Ang pahayag na maaaring mapagtuunan ng pansin upang paunlarin ay ang *nasusuri kung karapat-dapat itong paniwalaan* dahil dito ay maaari nilang masuri ang paniniwala batay sa pagiging makatotohanan at kung ito ba ay may pagkakatulad sa kanilang paniniwala. Ito ang magiging daan upang makabuo ng pasya kung dapat ba itong paniwalaan.

Sa Talahanayan 9 ay tatalakayin ang Antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Pamahiin mula sa dalawandaang (200) mag-aaral na naging tagatugon.

**Talahanayan 9**
*Antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Pamahiin*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naisa-isa ang mga pamahiin sa Kabisayaan.* | 4.78 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang pagiging makatotohanan nito.* | 4.75 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napahahalagahan ang mga kadahilanan sa pagsasagawa ng mga ito.* | 4.73 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ito sa mga pamahiing matatagpuan sa lugar na pinagmulan ng mga mag-aaral.* | 4.81 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng pasya ang mag-aaral kung dapat itong yakapin.* | 4.77 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.77***
***Standard Deviation: 0.35***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang unang pahayag na *Naisa-isa ang mga pamahiin sa Kabisayaan* ang nakakuha ng pangalawa sa pinakamataas na marka na may *(M=4.78, SD=0.52)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan lamang ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI upang maisa-isa ng mga mag-aaral ang mga pamahiin sa Kabisayaan.

Ang ikalawang pahayag na *Natutukoy ang pagiging makatotohanan nito* ang nakakuha ng pang-apat sa pinakamataas na marka na may *(M=4.75, SD=0.55)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan lamang ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI na matukoy ng mga mag-aaral ang pagiging makatotohanan ng mga pamahiin sa Kabisayaan.

Ang ikatlong pahayag na *Napahahalagahan ang mga kadahilanan sa pagsasagawa ng mga ito* ang nakakuha ng pinakamababang marka na may *(M=4.73, SD=0.54)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan lamang ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI na mapahalagahan ng mga mag-aaral ang mga pamahiin sa Kabisayaan ngunit maaari itong pag-ukulang pansin upang mas mapaunlad.

Ang ikaapat pahayag na *Naiuugnay ito sa mga pamahiing matatagpuan sa lugar na pinagmulan ng mga mag-aaral* ang nakakuha ng pinakamataas na marka na may *(M=4.81, SD=0.44)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan lamang ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI na maiugnay ng mga mag-aaral ang mga pamahiin sa Kabisayaan sa mga pamahiing matatagpuan sa lugar na kanilang pinagmulan.

Ang ikalimang pahayag na *Nakabubuo ng pasya ang mag-aaral kung dapat itong yakapin* ang nakakuha ng pangatlo sa pinakamataas na marka na may *(M=4.77, SD=0.50)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan lamang ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI na makabuo ang mga mag-aaral ng pasya kung dapat yakapin ang pamahiin ng Kabisayaan.

Ang antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Pamahiin ay may kabuoang mean na 4.77, standard deviation na 0.35 at ipinapakita na ay may literal na paliwanag na lubhang mataas. Ang pahayag na maaaring pag-ukulan ng pansin ay ang *napahahalagahan ang mga kadahilanan sa pagsasagawa ng mga ito* dahil dito ay mahuhubog sa mga mag-aaral ang pagkakaroon ng lubos na pagpapahalaga o paggalang sa pagkakaroon nito kaysa sa pagtukoy kung makabuhuluhan o hindi makabuluhan ang pagsasagawa nito.

Sa Talahanayan 10 ay tatalakayin ang Antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Pamumuhay mula sa dalawandaang (200) mag-aaral na naging tagatugon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 10**

*Antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Pamumuhay*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nagkaroon ng kamalayan sa mga paraan ng pamumuhay sa Kabisayaan.* | 4.79 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy kung ito ay nananatili pa rin sa kasalukuyan.* | 4.78 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibibigay ang kahalagahan ng pananatili nito.* | 4.68 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikilala ang epekto nito sa buhay ng mga tao.* | 4.80 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag kung ito ay matatagpuan rin sa ibang panig ng bansa.* | 4.82 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.77***
***Standard Deviation: 0.31***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang unang pahayag na *Nagkaroon ng kamalayan sa mga paraan ng pamumuhay sa Kabisayaan* ang nakakuha ng pangatlo sa pinakamataas na marka na may *(M=4.79, SD=0.50)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan lamang ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong sa mga mag-aaral ang SULATIBITI sa pagkakaroon ng kamalayan sa mga paraan ng pamumuhay sa Kabisayaan.

Ang ikalawang pahayag na *Natutukoy kung ito ay nananatili pa rin sa kasalukuyan* ang nakakuha ng pang-apat sa pinakamataas na marka na may *(M=4.78, SD=0.48)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong ang SULATIBITI na matukoy ng mga mag-aaral kung ang mga paraan ng pamumuhay sa Kabisayaan ay nananatili pa rin sa kasalukuyan.

Ang ikatlong pahayag na *Naibibigay ang kahalagahan ng pananatili nito* ang nakakuha ng pinakamababang marka na may *(M = 4.68, SD = 0.59)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakatulong sa mga mag-aaral ang SULATIBITI na maibigay ang kahalagahan ng pananatili ng paraan ng pamumuhay ng Kabisayaan ngunit maaari itong pag-ukulan ng pansin upang mas lalong mapaunlad.

Ang ikaapat na pahayag na *Naipakikilala ang epekto nito sa buhay ng mga tao* ang nakakuha ng pangalawa sa pinakamataas na marka na may *(M=4.80, SD=0.46)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakatulong ang SULATIBITI upang maipakilala sa mga mag-aaral ang epekto ng paraan ng pamumuhay sa Kabisayaan sa buhay ng mga tao.

Ang ikalimang pahayag na *Naipaliliwanag kung ito ay matatagpuan rin sa ibang panig ng bansa* ay nakakuha ng pinakamataas na marka na may *(M=4.82, SD=0.45)* na may puna na Lubos na Sumasang-ayon at paliwanag na Lubhang Mataas. Nangangahulugan ito na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na nakatulong sa mga mag-aaral ang SULATIBITI upang makapagpaliwanag kung ang paraan ng pamumuhay sa Kabisayaan ay matatagpuan rin sa ibang panig ng bansa.

Ang antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Pamumuhay ay may kabuoang mean na 4.77, standard deviation na 0.31 at may literal na paliwanag na lubhang mataas. Ang lumabas na resulta ng pag-aaral ay lubhang mataas ang antas ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya batay sa Pamumuhay. Ang maaaring pagtuunan ay ang pahayag na *naibibigay ang kahalagahan ng pananatili nito* sapagkat dito ay masusuri ang kahalagahan kung bakit kailangan itong panatilihin sa kasalukuyan. Dito ay maaaring makapagbigay ng iba't ibang pananaw ang mga mag-aaral lalo pa at sila ay nabibilang sa makabagong henerasyon na kung saan ay patuloy ang pagkakaroon ng pagbabago.

**Antas Pagganap ng mga Mag-aaral sa Replektibong Pagsulat**

Sa mga susunod na talahanayan ay makikita ang Marka, Kabuoan, Bahagdan, Mapaglarawang Katumbas, Weighted Mean, Pinakamababang Marka, Pinakamataas na Marka, Standard Deviation at Literal na Paliwanag.

Ang Talahanayan bilang labing-isa ay nagpapakita ng lebel ng pagganap ng mga mag-aaral sa Replektibong Pagsulat, sa kabuoang dalawang daan na tagatugon, ang marka na *"7 - 8"* ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na siyamnaput-walo (98) o 49.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *May pagkatuto*. Ang marka na *"9 - 10"* ay mayroong bilang na walumpu (80) o 40.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *May Kahusayan*. At ang marka na *"5 - 6"* ay mayroong bilang na labing-siyam (19) o 9.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *May Kahusayan*. Habang ang marka na *"3 - 4"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na tatlo (3) o 1.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *May Kahinaan*.

Sa Talahanayan 11 ay tatalakayin ang Lebel ng pagganap ng mag-aaral sa Replektibong Pagsulat

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 11**

*Antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Replektibong Pagsulat*

| Marka | Kabuoan | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 5 | 80 | 40.00 | May Kahusayan |
| 4 | 98 | 49.00 | May pagkatuto |
| 3 | 19 | 9.50 | Pampagkatuto |
| 2 | 3 | 1.50 | May Kahinaan |
| 1 | 0 | 0.00 | Kabiguan |
| **Total** | **200** | **100** | |
| **Weighted Mean** | ***8.17*** | | |
| **Pinakamababang Marka** | ***4*** | | Kasiya-siya |
| **Pinakamataas na marka** | ***5*** | | |
| **Standard Deviation** | ***1.39*** | | |

May kabuoang *(Weighted Mean = 8.17, SD = 1.39)* at *(pinakamababang marka = 4, pinakamataas na marka = 10)* ipinapakita na ang lebel ng pagganap ng mga mag-aaral sa Replektibong Pagsulat ay may mapaglarawang katumbas na *May pagkatuto* at may literal na paliwanag na *Kasiya-siya*. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ang May Pagkatuto ang ang nagtataglay ng pinakamalaking bahagdan sa Lebel ng pagganap ng mga mag-aaral sa Replektibong Pagsulat. Pangalawa rito ang May Kahusayan. Pangatlo ay ang Pampagkatuto na may kakaunting bahagdan lamang at ang pang-apat ay May Kahinaan na may napakaliit na bahagdan lamang. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ang nakakuha pinakamalaking bahagdan sa lebel ng pagganap ng mag-aaral ay ang May Pagkatututo. Pumapangalawa rito ang May Kahusayan na sinusundan ng may maliit na bahagdan ng Pampagkatuto. Ang kabiguan naman ay nakakuha ng napakaliit na bahagdan. Sa madaling salita ay karamihan sa mga mag-aaral ay naging ganap ang pagkatuto ngunit nangangailangan pa ng kasanayan upang magamit ang mga kaalamang natutunan sa pagganap sa Replektibong Pagsulat.

**Planong Gawaing Iminumungkahi Batay sa Resulta ng Pagsusuri**

Kinakailangang hubugin pa sa kanila ang galing sa pagbabahagi ng mga saloobin o opinyon at maging galing sa paglalahad ng pangangatwiran gamit ang paraang pasulat. Kinaailangan ding sanayayin sila sa ganitong proseso ng pag-aaral upang kapag nagamay nila ito ay magiging madali na sa kanilang pagkatuto.

**Makabuluhang Epekto ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

Sa Talahanayan 12 ay tatalakayin ang Makabuluhang epekto ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya sa pagganap ng mga mag-aaral**.**

**Talahanayan 12**

*Makabuluhang Epekto ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya sa pagganap ng mga mag-aaral*

| Pagganap | **B** | **SE** | **Β** | **t** | **P** |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 5.917 | 1.844 | | 3.209 | 0.002 |
| *Layunin* | | 0.486 | 0.999 | 2.055 | 0.041 |
| *Disenyong Pampagtuturo* | | 0.399 | 0.087 | 0.218 | 0.828 |
| *Organisasyon ng Materyal* | | 0.465 | -0.849 | -1.825 | 0.07 |
| *Kalidad Panturo-Kaangkupan* | | 0.493 | 0.406 | 0.823 | 0.412 |
| *Kalidad Panturo-Kabisaan* | | 0.477 | -0.635 | -1.332 | 0.184 |
| *Aktibiti/Pagtataya* | | 0.604 | 0.471 | 0.779 | 0.437 |
| *R-squared* | | | .038 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | .008 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 1.383 | | | |
| *F(6, 193)* | | | | 1.277 | .269 |

*p < 0.05

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 3.8% ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.038). Ang *Layunin*, *Disenyong Pampagtuturo*, *Organisasyon ng Materyal*, *Kalidad Panturo-Kaangkupan, Kalidad Panturo-Kabisaan* at *Aktibiti/Pagtataya* ay walang positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (6, 193) = 1.277 p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

makabuluhang epekto ang SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang epekto ng SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya sa pagganap ng mga mag-aaral*" ay tanggapin, ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila. Batay sa naging resulta ng pag-aaral ay nakakuha ng mataas na antas ng pagtanggap sa SULATIBITI bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo ng Akdang Pampanitikang Bisaya ngunit ipinakikita na wala itong makabuluhang epekto sa lebel ng pagganap ng mga mag-aaral sa Replektibong Pagsulat.

**Planong Gawaing Iminumungkahi Batay sa Resulta ng Pagsusuri**

Kailangan pang pag-ukulan ng pansin ang mga bahagi ng binuong suplementaryong kagamitang panturo na mabigyan ng tuon ang paghubog sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabahagi ng pananaw, opinyon o saloobin at pagapapaliwanag sa paraang pasulat.

**Makabuluhang Epekto ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto ng Pagpapaunlad at Pagsasabuhay ng Kulturang Bisaya sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 0.4% ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.004). Ang *Kaugalian*, *Paniniwala*, *Pamahiin,* at *Pamumuhay* ay walang positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (4, 195) = 0.216 p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Sa Talahanayan 13 ay tatalakayin ang Makabuluhang Epekto ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya sa pagganap ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 13**

*Makabuluhang Epekto ng Pagpapaunlad ng Kulturang Bisaya sa pagganap ng mga mag-aaral*

| Pagganap | B | SE | β | t | P |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 7.377 | 1.754 | | 4.206 | 4E-05 |
| *Kaugalian* | | 0.44 | 0.204 | 0.463 | 0.644 |
| *Paniniwala* | | 0.385 | -0.17 | -0.44 | 0.66 |
| *Pamahiin* | | 0.444 | -0.294 | -0.663 | 0.508 |
| *Pamumuhay* | | 0.506 | 0.423 | 0.837 | 0.404 |
| *R-squared* | | | .004 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.016 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 1.399 | | | |
| *F(5, 180)* | | | | .216 | .929 |

*p < 0.05

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang makabuluhang epekto ang Pagpapaunlad at Pagsasabuhay ng Kulturang Bisaya at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang epekto ang Pagpapaunlad at Pagsasabuhay ng Kulturang Bisaya sa pagganap ng mga mag-aaral*" ay tanggapin, ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, mataas ang antas ng pagtanggap sa Papapaunlad at Pagsasabuhay ng Kulturang Bisaya ngunit wala itong makabuluhang epekto sa lebel ng pagganap ng mga mag-aaral sa Replektibong Pagsulat.

**Planong Gawaing Iminumungkahi Batay sa Resulta ng Pagsusuri**

Kailangan pang pag-ukulan ng pansin ang pagpapaunlad ng kanilang kaalaman sa kulturang tinalakay at paggamit ng kanilang kaalaman patungkol sa sariling kultura na magbibigay-tuon sa paghubog sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabahagi ng pananaw, opinyon o saloobin at pagapapaliwanag sa paraang pasulat.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa mga natuklasan ang mga konklusyon ay nabuo.

1. Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang makabuluhang epekto ang SULATIBITI bilang suplementaryong kagamitang panturo ng akdang pampanitikang Bisaya sa lebel ng pagganap ng mga mag-aaral sa replektibong pagsulat. Makikitang lubhang mataas ang antas ng pagtanggap ng mag-aaral sa SULATIBiTI ngunit kailangan pa silang masanay sa paggamit ng ganitong dulog o proseso ng pagkaturo upang sila ay malayang makapagsagawa ng replektibong pagsulat.

Ipinapakita nito ang pangangailangan ng masusing pagsusuri sa bisa ng mga kagamitang panturo. Maaaring may mga aspeto ng SULATIBITI na kailangang baguhin o pagbutihin upang ito ay maging mas epektibo. Ang resulta ay maaaring magsilbing batayan para sa mas malalim na pananaliksik ukol sa ibang posibleng salik na nakakaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa replektibong pagsulat, gaya ng pamamaraan ng pagtuturo, ang kahusayan ng guro, at ang interes ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikang Bisaya. Dahil sa kakulangan ng makabuluhang epekto ng SULATIBITI, maaaring magtulak ito ng pagsubok sa iba pang uri ng kagamitang panturo o pamamaraan na maaaring mas angkop at mas epektibo sa pagtuturo ng akdang pampanitikang Bisaya.

Batay sa nakalap na datos at resulta ng ginawang pag-aaral, ang hinuha ay "tinanggap".

Dahil walang makabuluhang epekto ang paggamit ng SULATIBITI, maaaring hindi na ito dapat gamitin o suportahan sa kasalukuyang anyo nito, at kailangan ng re-evaluasyon upang malaman kung paano ito mapapabuti o kung dapat itong

palitan ng ibang kagamitan. Ang kakulangan ng makabuluhang epekto ay maaaring magpahiwatig na ang pamamaraan ng paggamit ng SULATIBITI, o ang paraan ng pagtuturo ng mga guro, ay nangangailangan ng rebisyon. Maaaring ang kagamitan mismo ay hindi ang problema, kundi ang paraan ng pagtuturo o integrasyon nito sa kurikulum. Kung walang epekto ang SULATIBITI, maaaring kailanganin ding suriin ang motibasyon at interes ng mga mag-aaral. Ang kagamitan ay maaaring hindi kaakit-akit o hindi naaayon sa kanilang mga pangangailangan at interes, na nagreresulta sa mababang antas ng pagganap sa mga gawaing ipinagagawa ng guro.

2. Ipinakikita ring walang makabuluhang epekto ang pagpapaunlad ng kulturang Bisaya sa lebel ng pagganap ng mga mag-aaral sa replektibong pagsulat. Makikitang natuto ang mga mag-aaral ngunit may kahirapan silang gamitin ang mga natutunan sa pagpapahayag gamit ang pagsasagawa ng replektibong pagsulat. Ito ay sa kadahilanang ang mga mag-aaral ay hindi sanay sa ginawang proseso ng pagkatuto.

Batay sa nakalap na datos at resulta ng ginawang pag-aaral, ang hinuha ay “tinanggap”.

Ang resulta ay nagpapakita ng pangangailangan para sa masusing pagsusuri ng kasalukuyang pamamaraan ng pagtuturo ng kulturang Bisaya. Maaaring ang paraan ng integrasyon ng kulturang ito sa kurikulum ay hindi sapat o hindi epektibo. Ang kakulangan ng makabuluhang epekto ay maaaring magtulak sa mga tagapamahala ng kurikulum na maghanap ng mas mahusay na paraan upang maipakilala at maisama ang kulturang Bisaya sa mga aralin upang mas maging kapaki-pakinabang ito sa mga mag-aaral. Maaaring kinakailangan ng karagdagang pananaliksik upang maunawaan ang interes at pangangailangan ng mga mag-aaral. Maaaring hindi tumutugma ang paraan ng pagtatanghal ng kulturang Bisaya sa mga kagustuhan at interes ng mga mag-aaral.

Kung ang pagpapaunlad ng kulturang Bisaya ay walang makabuluhang epekto, maaaring kailanganin ng re-evaluasyon ng mga kasalukuyang programa at materyales na ginagamit sa pagtuturo nito. Maaaring hindi ito epektibo o hindi akma sa layunin ng pagtuturo ng replektibong pagsulat. Maaaring kailangang baguhin o iakma ang paraan ng integrasyon ng kulturang Bisaya sa pagtuturo. Halimbawa, maaaring kailanganin ng higit pang interaktibong at malikhaing pamamaraan upang mas epektibong maengganyo ang mga mag-aaral. Ang kakulangan ng makabuluhang epekto ay maaaring magpahiwatig na ang mga mag-aaral ay hindi nakakaugnay sa paraan ng presentasyon ng kulturang Bisaya. Maaaring kinakailangang mas isaalang-alang ang konteksto at karanasan ng mga mag-aaral upang mas maging epektibo ang pagtuturo.

Sa pamamagitan ng mga natuklasan at sa mga konklusyon, ang mananaliksik ay bumuo ng mga rekomendasyon para sa pananaliksik na ito.

1. Sa mga magsasagawa na ganitong klase ng pananaliksik ay marapat na pag-ukulan ng pansin ang pagsasaalang-alang ng pagkakaroon ng maraming aktibiti na mas makatutulong upang mas mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral bilang paghahanda sa pangwakas na pagtataya, partikular na sa replektibong pagsulat.

## TALASANGGUNIAN


1. *Oscakmak, H. (2019). Impact of Note Taking During Reading and During Listening on Comprehension. Hatay Mustafa Kemal University, Turkey*
2. *Gonzalez, J. (2018). Note-taking: A Research Roundup. Cult of Pedagogy. Hinalaw sa https://www.cultofpedagogy.com/note-taking/.*
3. *Adeyodin, O. (2020). Research Method Design. Near East University. Hinalaw sa https://www.researchgate.net/publication/340594619_Quantitative_ Research_Method*